

Lagnat na Dengue

Ahenteng Nagdudulot

Ang lagnat na dengue ay isang malalang impeksiyon na dala ng lamok at dulot ng mga virus na dengue. Ito ay matatagpuan sa tropikal at sub-tropikal na mga rehiyon sa buong daigdig. Halimbawa, ang lagnat na dengue ay isang endemikong sakit sa maraming mga bansa sa Timog Silangang Asya. Ang mga virus na dengue ay sumasakop sa 4 iba't ibang serotype, bawat isa ay maaaring tumungo sa lagnat na dengue at malubhang dengue (tinatawag din na 'lagnat na dengue na nagdudulot ng pagdurugo o dengue haemorrhagic fever').

Mga katangiang klinikal

Ang lagnat na dengue ay may katangiang klinikal ng biglaang pagdatal ng mataas na lagnat, malubhang sakit ng ulo, pananakit sa likod ng mga mata, pananakit ng kalamnan at kasu-kasuan, kawalan ng ganang kumain, pagkaduwal at pantal. Ilang mga tao na may impeksiyon ay maaaring hindi magpakita ng mga kapansin-pansing sintomas, at ilan ay maaaring magkaroon lamang ng banayad na mga sintomas tulad ng lagnat, hal. ang mga bata ay maaaring magpakita ng mas banayad na di-espesipikong sakit sa lagnat na may pantal.

Ang mga sintomas ng unang impeksiyon ay karaniwang banayad. Sa sandaling makabawi, ang pagiging di-tinatablan ng sakit o immunity sa serotype ng virus na dengue ay mabubuo ngunit ang mga kasunod na impeksiyon sa ibang mga serotype ng virus na dengue ay mas malamang na magresulta sa malubhang dengue. Ang malubhang dengue ay isang malubha at potensiyal na nakamamatay na komplikasyon ng lagnat na dengue. Sa simula, kasama sa mga katangian ay mataas na lagnat, na tumatagal ng 2 – 7 araw at maaaring maging mataas nang hanggang 40 – 41°C, pamumula sa mukha at ibang di-espesipikong mga sintomas sa katawan ng lagnat na dengue. Sa bandang huli, ito ay maaaring sundan ng pagdurugo tulad ng mga pasa sa balat, pagdurugo ng ilong o gilagid, at posibleng pagdurugo sa loob ng katawan. Sa malulubhang mga kaso, ito ay maaaring tumuloy sa pagpalya ng sirkulasyon, pagkabigla at kamatayan.

Nakakamit ang pagging di-tinatablan ng sakit o immunity laban sa serotype

pagkatapos makabawi mula sa impeksiyon. Gayunman, walang epektibong proteksiyon ang naibibigay laban sa susunod na impeksiyon ng ibang 3 serotype.

Paraan ng paglilipat

Ang lagnat na dengue ay naililipat sa mga tao sa pamamagitan ng mga kagat ng may impeksiyon na babaeng mga lamok na *Aedes*. Kapag ang isang pasyente na dumaranas ng lagnat na dengue ay kinagat ng isang tagadala na lamok, ang lamok ay nabigyan ng impeksiyon at maaari nitong ipalaganap ang sakit sa pamamagitan ng pagkagat sa ibang mga tao. Ang sakit ay hindi naipapalaganap nang direkta tao sa tao. Sa Hong Kong, ang pangunahing tagadala na *Aedes aegypti* ay hindi matatagpuan, ngunit ang namamayaning uri na *Aedes albopictus* ay maaaring makapagpalaganap ng sakit.

Yugto ng inkubasyon

Ang yugto ng inkubasyon ay mula 3 – 14 araw, karaniwang 4 – 7 araw.

Pangangasiwa

Walang espesipikong medikasyon para sa lagnat na dengue at malubhang dengue. Ang lagnat na dengue ay kalimitang kusang nagpipigil o self-limiting. Ang paggamot na simtomatiko ay ibinibigay upang maibsan ang kawalan ng ginhawa. Ang mga pasyente na may malubhang dengue ay dapat gamutin kaagad nang may pangangasiwang sumusuporta. Ang tanging inaasahan sa paggamot ay upang mapanatili ang bolyum ng likido na umiikot o circulating fluid volume. Kapag may akma at nasa oras na paggamot, ang antas ng pagkamatay ay mas mababa sa 1%.

Pamigil

Sa kasalukuyan, ang pinakamahasay na pamigil na hakbangin sa Hong Kong ay ang pag-alis sa mga di gumagalaw na tubig na nagsisilbing mga itlugaan at paanakan para sa mga lamok, at pag-iwas sa mga kagat ng lamok.

Pangkalahatang mga hakbangin sa pagpigil ng mga sakit na dala ng lamok

1. Magsuot ng maluwang, hindi matinkad, mahabang manggas na pang-itaas at

pang-ibabang damit, at gumamit ng pamatay-insekto na naglalaman ng DEET sa mga bahaging nakalitaw sa katawan at kasuotan.

2. Gumawa ng karagdagang mga hakbanging pamigil kapag pumupunta sa labas:
 - Iwasan ang paggamit ng mga mahalimuyak na kosmetiko o mga produkto sa pangangalaga ng balat
 - Muling magpahid ng mga pamatay-insekto ayon sa mga tagubilin
3. Espesyal na mga tala kapag naglalakbay sa labas ng bansa:
 - Kung pupunta sa mga apektadong lugar o mga bansa, makipagkita sa doktor nang hindi bababa sa 6 linggo bago ang paglalakbay, at magkaroon ng dagdag na mga hakbanging pamigil upang iwasan ang kagat ng lamok
 - Sa panahon ng paglalakbay, kung naglalakbay sa endemikong mga lugar sa kanayunan, magdala ng kulambo at gumamit ng permethrin (isang insecticide). Ang Permethrin ay HINDI dapat ipahid sa balat. Humingi ng medikal na atensiyon nang maaga hangga't maaari kung masama ang pakiramdam
 - Ang mga manlalakbay na babalik sa mga apektadong lugar at masama ang pakiramdam, hal. may lagnat, ay dapat humingi ng medikal na payo sa lalong madaling panahon, at magbigay ng mga detalye ng paglalakbay sa doktor

Tumulong sa pagpigil ng pagdami ng mga lamok

1. Iwasan ang pagtitipon ng mga di-gumagalaw na tubig
 - Palitan ang tubig sa mga plorera minsan sa isang linggo
 - Alisin ang tubig sa mga platito na nasa ilalim ng mga nakapasong halaman bawat linggo
 - Takpang maigi ang mga sisidlan na may tubig

- Tiyakin na ang mga air-conditioner drip tray ay walang mga tubig na di-gumagalaw
 - Ilagay ang lahat ng mga gamit na lata at botelya sa may takip na mga basurahan
2. Kontrolin ang mga tagadala at imbakan ng tubig ng mga sakit
- Itago ang pagkain at itapon nang wasto ang basura

Ang mga babaeng buntis at mga bata na 6 buwan o mas matanda ay maaaring gumamit ng pamatay-insekto na naglalaman ng DEET. Para sa mga detalye tungkol sa paggamit ng mga pamatay-insekto, mangyaring sumangguni sa '[Tips for using insect repellents](#)'.

Para sa higit pang impormasyon hinggil sa pagkontrol at pagpigil sa pagdami ng mga lamok, mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Pagkain at Kalinisan sa Kapaligiran (FEHD) sa http://www.fehd.gov.hk/tc_chi/pestcontrol/handbook_prev_mos_breeding.html

Kaugnay na kawing: [World Health Day 2014](#)

14 Hunyo 2016

14 June 2016